# Pondo sa pag-ayos ng mga panganib ng lason ng tingga sa mga bahay sa San Francisco

## Mga Benepisyo

- Wala o mababang gastos para sa mga yunit na may mga buntis na kababaihan o mga batang wala pang 6 na taong gulang; 40% ng kabuuang halaga para sa lahat ng iba pang yunit.
- Posibleng mabawasan ang mga bintanang may dalawang bukasan at pintura, ang mga natakpang lupang kontaminado ng tingga, at ang iba pang panganib ng tingga.
- Inspeksyon at pagpapaayos na ginawa ng mga propesyonal na sertipikado sa tingga.
- Bawasan ang mga panganib ng pagkakalason sa tingga sa ari-arian.
- Bawasan ang mga pagkakataong magkaroon ng mga paglabag sa mga batas sa kalusugan at gusali.

## Mga kwalipikadong ari-arian

And mga yunit na mayroong bata na may mataas na antas ng tingga sa dugo at isang Abiso sa Paglabag mula sa Kagawaran ng Kalusugan para itama ang mga panganib ng tingga, o

Dapat matugunan ng mga kwalipikadong gusali ang lahat ng mga sumusunod na katangian:

- ✓ Pantahanan
- ✓ Itinayo bago ang taong 1950
- ✓ Nasa mga *Zip Code* na 94110, 94112, or 94124
- ✓ Mayroong 9 or mas kaunting mga yunit
- ✓ May kahit isang batang nakatira sa gusali na wala pang 6 na taong gulang, o
- ✓ May hindi bababa sa isang batang wala pang 6 na taong gulang na madalas na bumibisita, o
- ✓ May mga pamilyang umaasang magkaanak sa lalong madaling panahon

Nilalayon ng Program ana isama ang mga yunit sa iba pang mga *zip code*.

Layon ng Fix Lead SF na tulungan ang mga may-ari ng ari-arian na alisin ang ilang mga panganib ng tingga sa kanilang mga gusali at bawasan ang panganib ng pagkalason sa tingga sa mga bata.



-
Ang mga bata sa pagitan ng 8 buwan at 6 na taong gulang ay maaaring makakuha ng pagkalason sa tingga mula sa pintura, alikabok, at lupang may tingga. Ang tingga ay nakapipinsala sa utak ng mga bata at maaaring nitong gawing mas mahirap para sa mga batang matuto, magbigay-pansin at kumilos ng wasto. Ang mga may sapat na gulang na nag-aayos ng mga bahay na may tingga ay maaari ring magkaroon ng pagkalason sa tingga.

## Kumilos na

### Mga May-ari ng Ari-arian

Mag-apply para magkaroon ng mga inspeksyon sa tingga, pagpapaayos, at pag-alis ng mga panganib ng tingga kung mayroon kayong isang gusaling pangtirahang itinayo bago ang taong 1950.

### Mga Nangungupahan

Anyayahan ang inyong kasero na mag-aplay para sa programa ng Lungsod na Fix Lead SF kung naniniwala kayong natutugunan ng inyong gusali ang mga katangian upang maging kwalipikado.

### Mga Propesyonal na sertipikado sa tingga (ng California Department of Public Health)

Ang Fix Lead SF ay nangangailangan ng mga Inspector at Superbisor na sertipikado sa tingga.

Magparehistro upang maging bahagi ng mga propesyonal na sertipikado sa tingga para sa Fix Lead SF.

### Mga Lisensyadong Kontratista ng California

Makilahok sa libreng pagsasanay at mga pagsusulit sa sertipikasyon sa tingga para maging bahagi ng mga manggagawa ng California upang ayusin ang mga problema sa tingga

**Matuto pa sa https://sf.gov/FixLeadSF**

Español
中文
Filipino



MAPINSALA ANG TINGGA SA MGA BATA!

*Fix Lead SF*
c/o Children's Environmental Health Promotion Program
San Francisco Department of Public Health
49 South Van Ness Avenue, 6th Floor
San Francisco, CA 94103
(415) 252-3882 | https://sf.gov/FixLeadSF | fixleadsf@sfdph.org

# Mga 6 na Hakbang ng Fix Lead SF Tungo sa Mabuting Tahanan

## Isang programang pinondohan ng Lungsod upang bawasan ang pagkakahantad sa tingga

### 1. Ang may-ari ay nagsumite ng aplikasyon

Ang mga aplikasyon ay tatanggapin *online* at sa pamamagitan ng *email* o koreo *(mail)*.

### 2. *Appointment* para sa mga Tanong at Sagot

Tatawagan kayo ng kawani ng lungsod upang sagutin ang anumang mga katanungan tungkol sa inyong pakikilahok.

### 3. Inspeksyon ng Gusali para sa Tingga

Ang aming pangkat ng mga propesyonal na lisensyado sa tingga ay susuriin ang inyong tahanan para sa mga panganib ng tingga sa pintura at lupa.

### 4. Mga kaayusan para sa Relokasyon

Kung kinakailangan, gagawin namin ang lahat ng kaayusan para sa iyong pansamantalang pabahay / relokasyon, sa tamang oras para sa mga pagpapaayos sa tahanan.

### 5. Araw ng Pagpapaayos

Aayusin ng aming mga kontratistang lisensyado sa tingga ang tingga habang pinananatiling malinis at mabuti ang natitirang bahagi ng inyong tahanan.

### 6. Huling Inspeksyon

Bibisitahin ng aming inspektor ang inyong tahanan upang magsagawa ng panghuling inspeksyon upang kumpirmahing ang inyong tahanan ay ligtas na muling tirahan.



SF Environment
SAN FRANCISCO
POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH
ENVIRONMENTAL HEALTH



**MAPINSALA ANG TINGGA SA MGA BATA!**

*Fix Lead SF*
c/o Children's Environmental Health Promotion Program
San Francisco Department of Public Health
49 South Van Ness Avenue, 6th Floor
San Francisco, CA 94103
(415) 252-3882 | https://sf.gov/FixLeadSF | fixleadsf@sfdph.org